KAALAMAN SA BUHAY

Komiks

(FACTS FOR LIFE)

OPLAN

ALIS DISEASE

Sa National Immunization Day Tumungo sa Pinakamalapit na

PATAK CENTER

LIBRENG BAKUNA PARA SA MGA BATANG MABABA SA LIMANG TAONG GULANG AT MGA BABAENG ANG EDAD AY 15 HANGGANG 44 NA TAON

Ang Kaalaman sa Buhay Komiks ay inilathala ng National Task Force on Social Mobilization for Child Survival and Development sa pakikipagtulungan sa Department of Health at UNICEF.
Maynila
Disyembre 1993.

KUNG MAIBABALIK LANG ANG KAHAPON
MASAYANG NAGLALARO ANG ILANG MGA BATA SA BARANGAY MASINOP. KAGRUPO NILA SI LISA. DATI SIYANG MAY ANAK NA KASING EDAD NG MGA BATANG NAGLALARO.
SINO SIYA, NENENG??
SI MINANG SIYA, NENENG. SI MINANG KO.
AY, SI ALING LIZA, LAHAT NG BATANG BABAE AY ANAK NIYA.
NI RAMON MA. EPINO
GUHIT NI RICO RIVAL

NAKATUTUWA IYANG SI LISA. KAHIT PARANG NA-LUKA-LUKA AY MA-ASIKASO SA BAHAY NILA. AT PAG TAPOS NA AY SAKA LANG NAKIKIPAGLARO.
MABUTI PA NGA HO ANG GANYAN. KAHIT PAPAANO AY NAAALIW SIYA. PAG WALANG GINAGAWA AY TULALA IYAN SA KAIISIP NG NA-MATAY NA ANAK.

GALING SA TRA-BAHO SI PED-RING, ANG ASAWA NI LISA.
PEDRING, NAKITA MO NA BA SI MINANG NATIN?
HUWAG KA NANG MALUNGKOT AT PATULOY KO SIYANG HA-HANAPIN.

O, AYAN, DARATING NA SI MINANG KO. DI N'YO NA AKO TUTUKSUHING KAHIT SINO NA LANG BATANG BABAE AY ANAK KO.
ANO HO BANG NANGYARI AT NAGKA-GANOON SI ALING LISA?
NOONG ARAW, NALULONG IYANG SI LISA SA SUGAL AT SA BARAHA.
HABANG NASA TRA-BAHO SI PEDRING, NAUUBOS ANG ORAS NIYA SA TWENTY ONE, PUSOY, TONGHITS, LUCKY 9 ATBP.
LAST GAME KO NA, DARATING NA ANG AKING ASAWA. BAKA MAGTAMPO SIYA PAG NAKITANG WALA PANG LUTO.
O, LITA, IKAW ANG PAPALIT KAY EMA.
WALANG PROBLEMA SI LISA KAY PEDRING. MAHAL SIYA NG LALAKE AT PINABABAYAAN LANG SIYA SA BISYO.
WALA PA HONG MAYSAKIT SA AMIN.
MGA MISIS, INIIMBITAHAN PO NAMIN KAYONG KUMONSULTA SA HEALTH CENTER, PATI NA PO ANG MGA BATA.
KAHIT WALA PA HONG SAKIT, SANAY MAKADALAW KAYO SA AMIN. LALO NA KAYO MISIS, BUNTIS KAYO, KAILANGAN N'YO NG CHECK-UP.
EH, HAYAAN HO NINYO AT DADALA-WIN KO KAYO.


SA WAKAS, NAISINGIT DIN NI LISA ANG PAGPASYAL SA HEALTH CENTER.
MISIS, SALAMAT AT NAKARATING KAYO. DALAWANG LINGGO NA NOONG MAKAUSAP KO KAYO.
AH EH, NARITO NA HO AKO.
HEALTH
KAY LISA, PARANG WALANG ANUMANG LUMIPAS ANG MGA BUWAN.
NAKU, LISA KA! DI BA'T KABUWANAN MO NGAYON. BAKIT DI KA NA KUMUKUNSULTA SA KLINIKA?
WALA NAMAN AKONG PROBLEMA AH. MAAYOS ANG PAKIRAMDAM KO.
AREKUP... NAKU, MANGANGANAK NA YATA AKO.
PANSAMANTALANG NAKALIMUTAN NI LISA ANG KANYANG BISYO. SINUNOD NAMAN ANG PAYO SA KANYANG PASUSUHIN AGAD ANG BEYBI PAGKASILANG.
PERO NAKALIMUTAN DIN ANG SINASABI NG HEALTHWORKER. NA LIKAS NA SAPAT ANG GATAS NG INA PARA SA KANYANG SANGGOL. KUMOKONTI LANG ITO KUNG MADALANG ANG PAGPAPASUSO.
NAUUBUSAN NA AKO NG GATAS PEDRING. BUKAS MAKALAWA AY MAS MALAKI ANG GASTOS NATIN SA PULBOS NA GATAS NI MINANG.
DI BALE, KAYA PA NAMAN NG KITA KO.
HINDI TULUYANG NAPASUSO NI LISA SI MINANG. SIYA'Y NAGBALIK BISYO, KASAMA-SAMA PA ANG BUGTONG NA ANAK. ANG BATA'Y LUMAKING PAYAT AT SAKITIN.
UHO UHO UHO!

LISA, BAKA LUMALA ANG UBO NI MINANG. MABILIS ANG KANYANG PAGHINGA. PARANG NILALAGNAT DIN SIYA.
LAGNAT LAKI LANG IYAN. HAMO'T PAIINUMIN KO SIYA NG SIRUP SA UBO.

NAKATAKDA NANG MAGBUNGA NG TRAHEDYA ANG KAPABAYAAN. GRABE NA ANG PULMONYA NI MINANG NA *ANTIBIOTIC* DAPAT ANG LUNAS HANGGANG MAAGA PA.



MAY HIHINTAYIN PA KAYANG KINABUKASAN ANG MAG-ASAWANG ITO? SA ANU'T ANO PA MAN, MAY HATID NA ARAL ANG KANILANG KASAYSAYAN.



ALANG-ALANG SA KANYA

NANG MARINIG NI NADIA NA NAGHAHAGULHO SA BAHAY NG KANYANG KUMARENG LYDIA, KAAGAD SIYANG NAGTUNGO ROON. NAPATNAN NA NIYA ANG DOKTOR NA TINAWAG UPANG TUMINGIN SA BAGONG PANGANAK NA KUMARE...

HINDI PA PALA SIYA NAKAKAPAGBAKUNA BAGO MANGANAK.

WALA PO KASING NAKAPAGPAYO SA KANYA, DOK.

KARAMIHAN KASI NG MGA HILOT TULAD NANG NAGPAANAK SA KANYA, AY HINDI SINASABI ANG PAGBABAKUNA NA GINAGAWA SA MGA HEALTH CENTER. LIBRE NAMAN ANG BAKUNA ROON.

DAPAT PALA AY NAGPAPABAKUNA ANG MGA BUNTIS.

HINDI LAMANG ANG MGA NAGDADALANG-TAO ANG NAGPAPABAKUNA. LAHAT NANG BABAE NA NASA GULANG PA NG PAG-AANAK AY DAPAT MABAKUNAHAN, LALO NA YONG LABAN SA **TETANO.** DALAWANG DOSES NA BAKUNA BAGO MANGANAK AY NAGBIBIGAY PROTEKSIYON SA KASALUKUYANG PAGBUBUNTIS.


HINDI LANG ANG NANGANGANAK ANG KAILANGANG MAGPABAKUNA KUNDI RIN ANG MGA BABAING NASA PAGITAN NG 15 TAONG GULANG HANGGANG 44 UPANG MALIGTAS ANG MGA ITO SA TETANO.
DOKTOR, ANO ANG KABUTIHAN NG PAGBA-BAKUNA SA INA AT SA BATA.
PINUPROTEKTAHAN NG BAKUNA ANG INA AT ANG KANYANG ANAK LABAN SA IMPEKSIYON O ANUMANG SAKIT.
MARAMING SAKIT ANG MAARING DUMAPO SA MAG-INA. ISA RITO AY ANG TETANO. KAPAG ANG BATA AY DINAPUAN NG SAKIT, SIYA AY HINDI MAKAUSO, MANGHIHINA, MANINIGAS AT MAMATAY.
UMAKYAT ANG LALAKING TUMAWAG NG AMBU-LANSIYA...
NARIYAN NA HO.
DALHIN NA NATIN SIYA SA OSPITAL. KAILANGANG MABIG-YAN KAAGAD SIYA NG GAMOT GAYON DIN ANG KANYANG SANGGOL. TUMITIGAS ANG BUONG KATAWAN NG BATA.
NADAPUAN SILA NG TETANO.
HO?!
ANG GABING IYON, SA BAHAY NINA NADIA...
HINDI KO MAKALIMUTAN ANG NARINIG KO SA DOKTOR KANGINA, NICK. MALAPIT NA AKONG MANGANAK. KAILANGAN KONG PUMUNTA SA HEALTH CENTER PARA MAGPA-CHECK UP.
NABALITAAN KO ANG NANGYARI SA KUMARENG NENE. SASABIHIN KO NGA SANA SA IYO ANG TUNGKOL SA CHECK-UP. MABUTI NAUNAHAN MO AKO.
MAHAL KO ANG AKING ANAK... GAYON DIN IKAW, NICK. KAILANGANG TIYAKIN KO ANG KALIGTASAN NG BABY KO.

KINABUKASAN, SA HEALTH CENTER...
MABUTI, MISIS, AT NAISIPAN NINYONG PUMARITO. KAILANGAN NINYO ANG LABAN SA TETANO DAHIL HINDI PA PALA KAYO NABABAKUNAHAN NGAYONG BUNTIS KAYO.
ILANG BESES HO BANG BAKUNA ANG KAKAILANGANIN KO?
BIBIGYAN KITA NGAYON. ANG PANGALAWA AY PAGKARAAN NG APAT NA LINGGO. TITIYEMPUHAN NATIN NA DALAWANG LINGGO BAGO KA MANGANAK.
ANG TETANO ANG PANGUNAHING DAHILAN NG KAMATAYAN NG MGA SANGGOL NA BAGONG SILANG. KAPAG MAKAPASOK ANG MIKROBYO NG TETANO SA LOOB NG KATAWAN NG ISANG WALA PANG IMUNISASYON LABAN SA TETANO, MANGANGANIB ANG BUHAY NG BATA...
PINATITIBAY NG BAKUNA ANG MGA PANLABAN SA SAKIT. SA SANDALING KAPITAN NG SAKIT ANG BATANG HINDI PA NABABAKUNAHAN, BAKUNAHAN MAN ITO PAGKATAPOS, WALA NA KING SILBI ANG GINAWANG ITO.
ISANG UMAGA, NAKAALIS NA SI NICK PAPUNTA SA TRABAHO, NANG...
INAY... HUMIHILAB ANG TIYAN KO. MANGANGANAK NA YATA AKO. DALHIN NINYO AKO SA OSPITAL.
LUMAPIT ANG INA NI NADIA. NATARANTA SIYA NANG MAKITANG...
MADALAS NA ANG HILAB NG TIYAN MO. DITO KA NA LANG MANGANAK SA BAHAY. TAWAGIN KO NA LANG SI KA ISKANG HILOT.


HUWAG HO. PUNTAHAN NA LANG NINYO SI CYNTHIA DIYAN SA KABILA. 'YON HONG MIDWIFE. NARIYAN PA HO NGAYON. HINDI PA PUMAPASOK PAG GANITONG ORAS.
KUNG GAYON, IPANATAG MO ANG LOOB MO AT SANDALI LANG AKO.
PAGDATING NG SINUNDONG MIDWIFE...
MAGPAKULO KAYO NG TUBIG, NANA TALE. PAKULUAN NG 20 MINUTO ANG MGA INSTRUMENTONG ITO.

HABANG KUMUKULO ANG MGA GAMIT NG MIDWIFE TULAD NG KUTSILYO AT GUNTING, NAGSABON NG KAMAY ANG MIDWIFE...


NASA HEALTH CENTER HO ANG AKING GUWANTES KAYA'T KAILANGANG MAGSABON AKONG MABUTI NG KAMAY PARA SIGURADONG WALANG MIKROBYONG MAILIPAT SA SANGGOL O SA INA.

HINDI NAGTAGAL, NAKAPANGANAK NANG MALUWALHATI SI NADIA...

KAILANGANG TIYAK NA MALINIS ANG PAMUTOL NATIN SA PUSOD. KUNG HINDI NAPAKULUANG MABUTI ANG PAMUTOL NA ITO, MAAARING MAGKAROON NG TETANO ANG SANGGOL AT KANYANG IKAMATAY.

NANG MAPUTOL ANG PUSOD...
HUWAG LALAGYAN NANG ANUMANG DUMI ANG PUSOD NG BATA TULAD NG NGINUYANG TABAKO, NGANGA, LAWAY, O ALIKABOK.

TANDAAN MO. ANIM NA LINGGO MULA NGAYON, PUMUNTA KA SA HEALTH CENTER PARA MABAKUNAHAN NG LABAN SA TETANO ANG IYONG BABY. KASAMA SA PAGBABAKUNANG ITO ANG ORAL POLIO AT IBA PANG BAKUNA. MABUTING FULLY IMMUNIZED CHILD ANG IYONG ANAK.

PAANO HO KUNG SA HINDI SINASADYA AY NAKALIGTAANG MAPABAKUNAHAN ANG BATA.

PABAKUNAHAN MO SA UNANG PAGKAKATAONG MAKAPUNTA KA ULI SA HEALTH CENTER. KAILANGAN LAMANG AY MAPABAKUNAHAN SIYA NG KOMPLETO SA UNANG TAON.

PERO KUNG HINDI, PABAKUNAHAN SIYA PAGKARAAN NG KANYANG UNANG TAON UPANG MAGKAROON SIYA NG PROTEKSIYON SA SAKIT. MAPANGANIB ANG TETANO. KAPAG NAKAPASOK NA ANG MIKROBYO NG TETANO SA KATAWAN NG BATA, MAARI SIYANG MAMATAY. ISA SA ISANDAANG BATA ANG NAMAMATAY SA TETANO. WALA NANG SILBI ANG BAKUNA KAPAG MAY TETANO NA ANG BATA.

PAPAANO HO KUNG MAY SAKIT ANG BATA? PUWEDE PA BA SIYANG BAKUNAHAN?

HUWAG SUSUNDIN ANG PANINIWALA NG IBA NA MASAMANG BAKUNAHAN ANG BATA KUNG MAY SAKIT.

"MATAPOS MABAKUNAHAN ANG BATA, MAARI SIYANG UMIYAK, LAGNATIN, O LABASAN NG MALILIIT NA PANTAL. TULAD NG GINAGAWA KAPAG MAY KARAMDAMAN ANG BATA, BIGYAN SIYA NG MARAMING PAGKAIN AT INUMIN..."

"ANG PERPEKTONG PAGKAIN NG BATA AY ANG GATAS NG INA DAHIL PUNO ITO NG SUSTANSIYA LALO NA YONG TINATAWAG NA **COLOSTRUM**. BUKOD DITO, ANG PAGPAPASUSO NG INA AY NAKAKAPAGPAGALING SA MGA SUGAT SA LOOB; GAYON DIN AY PINAHIHINTO NITO ANG PAGDURUGO AT HEMORRHAGE..."

HINDI NAGTAGAL, DUMATING SI NICK...

PAG-INGATAN NINYO ANG INYONG BABY. HUWAG KALILIMUTAN ANG PAYO KO SA INYO UPANG LUMAKING MALUSOG ANG INYONG ANAK.

S-SALAMAT HO. MARAMING SALAMAT.

KUNG MAHAL NINYO ANG INYONG BABY, ALAGAAN ITONG MABUTI. PABAKUNAHAN NANG LABAN SA MGA SAKIT TULAD NG TETANO AT IBA PA.

NGAYONG LUBUSAN NANG NALAMAN NI NADIA ANG KAHALAGAHAN NG BAKUNA O IMUNISASYON. WALANG SALANG SUSUNDIN NIYA ANG NARARAPAT UPANG MABUHAY NANG MALUSOG ANG KANILANG ANAK NI NICK. SUNDIN NATIN ANG MGA PAYO UKOL SA KALINISAN AT KALIGTASAN NG ATING PAMILYA.

BASAHIN ANG MGA IMPORMASYONG NAUUKOL SA MGA BAGAY NA NABANGGIT SA AKLAT **KAALAMAN SA BUHAY (FACTS FOR LIFE)**.


MEASLES YAN... DAPAT KASI MAY VACCINATION PARA MAIWASAN YAN, E...
KUUU! IHIWALAY NA YAN AT BAKA MAKAHAWA PA!
BUTI NA LANG NAGPATUROK NA AKO
IPATAWAS MO...
DIYO ANG KO... YA
NGI! KADIRIIII!
UBO UBO
Jen Abrera

ANG TIGDAS
S KO.! ANAK NAKULAM ATA.!
TIGDAS YAN... INGATAN MO'T BAKA MA-UWI SA PULMONYA!
PNEUMONIA HO...
DAPAT D'YAN ALBULARYO
ANO ITO? PINAGLALARUAN AKO NG DWENDE!
BAKA GALIS-ASO YAN?



GUHIT AT KATHA NI JESS ABRERA

MARAMI AKONG MAKUKUHANG BIKTIMA DITO SA MARUMING KAPALIGIRAN... HE HE HE!
MADUMING INUMIN...
...AT MGA PAGKAIN!

HAYUN ANG MGA BATANG WALANG SALAWAL AT NAKATAPAK! HE HE HE!
AKIN KAYOOO!
AT NAGTAE NA NGA ANG MGA BIKTIMA NI DIARRHEA
PATAY KANG BATA KA! UUBUSIN KO ANG TUBIG SA IYONG KATAWAN
PURUROOOT!

TEKA SANDALI!
ORESOL
NAYKO, SI ORESOL! ANG UNANG LUNAS SA PAGTATAE!
YEHAAY!
KAYA DAPAT MALINIS LAGI ANG INYONG KAPALIGIRAN, KATAWAN, PAGKAIN AT INUMIN!
AT KUNG SA ORAS NG KAGIPITAN... ORESOL ANG MAAASAHAN!
MERON SA HEALTH CENTER


ISA AKONG PHOTO-JOURNALIST NG PHOTONEWS NA BUHAT SA MAYNILA. MAY BEAT AKO SA MGA BUNDOK NG CORDILLERA KUNG KAYA'T NARIRITO AKO NGAYON...
NAPAKAGANDANG SCENE ANG MGA ITO. TIYAK NA MATUTUWA ANG EDITOR PAGDATING KO SA MAYNILA.
Ang Natutunan ni Terry

AKO ANG NA-ASSIGN DITO DAHIL ALAM NG AKING EDITOR NA FAMILIAR AKO SA UGALI NG MGA KATUTUBO DITO SA BULUBUNDUKIN. NASA BIO-DATA KO KASI NA AKO'Y TUBONG MOUNTAIN PROVINCE...





WALA NAMANG IBANG DAAN PATUNGO SA LUGAR NA PUPUNTAHAN KO KUNDI SA GAWI NG BARANGAY HALL, KAYA'T...



HUWAG NINYONG IKATUWA KUNG LAHAT KAYO SA LUGAR NA ITO AY MAY BOSYO. ANG BOSYO AY HINDI BIYAYA. ITO AY ISANG KARAMDAMAN NA MAG-LALAGAY PANGANIB SA INYONG KALUSUGAN.


KUNG HINDI HO BIYAYA, BAKIT LAHAT KAMI SA BARANGAY NA ITO AY MAYROONG BOSYO?
SAPAGKA'T KULANG KAYO NG IODINE SA KATAWAN. ANG IODINE AY MATATAGPUAN SA PAGKAIN AT ANG PAGKAIN DITO SA BUNDOK AY KULANG SA IODINE. ITO ANG DAHILAN KUNG BAKIT NAGKAKA-ROON KAYO NG BOSYO.

"HINDI NINYO ALAM. ANG BOSYO AY MAAARING IKAMA-TAY. KAPAG MALAKI NA ANG BOSYO, MAHIHIRAPAN NA KAYONG HUMINGA AT LUMUNOK NG PAGKAIN..."

ANG NAGIGING ANAK NG MGA INANG MAYROONG BOSYO, O KULANG SA IODINE AY BINGI, PIPI, AT MAHINA ANG KAISIPAN, O MABABA ANG **I.Q.** MASASAKTIN ANG BATANG ISINILANG NG INANG MAYROONG BOSYO...



PARA SA BABAING BUNTIS AT NAGPAPASUSO, GAYON DIN ANG MGA NAGBIBINATA AT NAGDADALAGA, KAILANGAN ANG MARAMING IODINE SA KATAWAN...

LUMILITAW ANG BOSYO MULA SA PAGKABATA AT LUMALAKI ITO HANGGANG NAGIGING BINATA AT DALAGA NA ANG TAO...



ANO HO ANG DAPAT NAMING GAWIN UPANG MAIWASAN ANG BOSYO?

PUMUNTA SA PINAKAMALAPIT NINYONG HEALTH CENTER. DOON AY TUTURUAN KAYO NG PARAAN. BIBIGYAN KAYO NG IODIZED SALT NA IHAHALO SA PAGKAIN. ANG IODIZED SALT AY NAGDARAGDAG NG IODINE SA KATAWAN.



MAY MGA PAGKAKATAON NA KINAKAILANGANG OPERAHAN NA ANG INYONG BOSYO...



MAY MGA POOK NA TULAD NANG SA INYO NA MARAMI ANG MAY BOSYO. KAILANGAN KAYONG MABIGYAN NG REGULAR NA IODIZED OIL. ANG IODIZED OIL AY PUWEDENG CAPSULE O INIKSIYON. DAPAT ITONG IBIGAY MULA ISANG TAONG GULANG HANGGANG 45 TAONG GULANG. ANG ISANG CAPSULE O INIKSIYON AY SAPAT PARA SA ISANG TAONG PROTEKSIYON...

KAILANGANG KUMAIN KAYO NG PAGKAING MAYAMAN SA IODINE, TULAD NG MGA DAMONG-DAGAT. ITO AY ANG BALBALULANG, SARIWA O TUYONG KULOT, TUYONG GULAMAN-DAGAT, LATO O AR-AROSIP, POKPOKLO...



KUMAIN DIN NG MGA SHELLFISH TULAD NG KUHOL, HALAAN, SUSONG-PILIPIT. KUMAIN DIN NG ALAMANG, ALIMANGO, TAGUNTON, AT TALABA. KUMAIN DIN MGA ISDANG TULAD NG BISUGO, DALAGI, DALAGANG BUKID, HITO, MAYA-MAYA, TAMBAN, AT TGABITA...



NASARAPAN AKO NG PAKIKINIG SA MEETING NA IYON. KAKAUNTI ANG NAKUHA KONG RETRATO...

NGAYON KO LAMANG LUBUSANG NALAMAN. AT ANG NATUTUNAN KO RITO AY MAAARI KONG GAWIN SA AMING BARANGAY UPANG ANG MGA NANINIRAHAN DOON AY MAKAIWAS SA BOSYO.


MATUTURUAN KO NA ANG AKING MGA KAMAG-ANAK SA DAPAT NILANG GAWIN. AT ANG AKING MGA MAGULANG AT MGA KAPATID... DADALHIN KO SILA SA PINAKAMALAPIT NA HEALTH CENTER SA AMIN UPANG MAWALA ANG KANILANG MGA BOSYO.



HUWAG ARIING MABUTING KAPALARAN ANG MAGKAROON NG BOSYO. ITO'Y ISANG KAAWAY. HUWAG MATAKOT AT LABANAN ITO. GUMAMIT NG IODIZED SALT SA PAGKAIN.

PARA SA KARAGDAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA DAPAT NA GAWIN, LUMAPIT SA INYONG HEALTH CENTER.

ANG KAALAMAN SA BUHAY (FACTS FOR LIFE) AY GABAY SA KALUSUGAN NG PAMILYA

Pinagsama-sama sa Kaalaman sa Buhay ang mga mahalagang impormasyon o kaalaman tungkol sa kalusugan ng bata. Gayunpaman, ang mga kaalamang ito ay makakarating lamang sa mga nakararami kung ang iba't ibang samahan ay magkakaisa sa hamon na ipahayag ang mga kaalamang ito.

Ang Kaalaman sa Buhay ay impormasyong maisasagawa ng bawat magulang, pamilya, at pamayanan sa pinakamababang halaga.

Ito ay inilathala ng Philippine Information Agency sa pakikipagtulungan sa United Nations Children's Fund (UNICEF).

ANG DAAN SA KALUSUGAN AY EDUKASYON!



ANG BATANG DINAPUAN NG **POLIO** AY MANANATILING **PILAY** O BALDADO HABANG BUHAY. MAPUPUKSA ANG **POLIO** SA PAMAMAGITAN NG IMUNISASYON SA MGA SANGGOL.



ANG **NEONATAL TETANUS** AY IMPEKSIYON NA DALA NG BAKTERYA NA NAKAMAMATAY. ANG IMUNISASYON SA BUNTIS AY NAGLILIGTAS SA SANGGOL SA SAKIT NA ITO.



PAGSANGGALANG ANG MGA SANGGOL SA ANIM NA KARANIWANG SAKIT: **DIPHTHERIA, PERTUSSIS, TETANUS, POLIO, MEASLES, AT TB.**



ETO ANG KAPANSANAN NG TAONG KULANG SA **IODINE** ANG KATAWAN: MAHINA ANG PAG-IISIP, PANDAK, AT MASASAKTIN. KUMAIN NG PAGKAING-DAGAT TULAD NG ISDA, HIPON, SHELLFISH, SEAWEEDS. TIMPLAHAN NG IODIZED SALT ANG PAGKAIN.



KAILANGAN NG BATA ANG VITAMIN A. ANG BATANG WALA NITO AY MAARING MABULAG O MANGHINA ANG PANINGIN, AT MADALING MAGKASAKIT DAHIL KULANG ITO NG RESISTENSIYA NG KATAWAN.



MAHAHADLANGAN ANG PANUNUYO NG KATAWAN DAHIL SA PAGTATAE SA PAMAMAGITAN NG **ORAL REHYDRATION THERAPY (ORT)**, O ANG PAGBIBIGAY NG **AM**.

BAKUNA LABAN SA POLIO
NC IODIZED SALT
NC IODIZED SALT
NC IODIZED SALT
PERRY DAGANAY